Mayor Joy pinag-iingat ang mga residente sa dengue at leptos

Dahil sa iba't ibang uri ng sakit ang dumadapo tuwing tag-ulan tulad ng dengue at leptospirosis ay pinag-iingat ni QC Mayor Joy Belmonte ang mga residente.

Sa ulat ng QC Epidemiology and Surveillance Unit, 8 na ang namatay sa leptospirosis mula Enero 1 ngayong taon hanggang Hunyo 1, 2019 mula sa 42 naitalang kaso ng leptospirosis sa lungsod sa nasabing period.

Ang walong namatay ay mula sa Barangays Sauyo, Vasra, Bahay Toro, Damayan, Pinyahan, Tatalon, San Roque at Payatas na may pinakamaraming nagkaroon ng leptospirosis at karamihan ng mga nagkasakit nito ay may edad 41-50.

Sampu katao naman ang namatay sa sakit na dengue mula sa 1,752 cases na naitala mula Enero 1, 2019 hanggang Hunyo 1, 2019.

Ang naturang dengue cases ay mas mababa naman kung ikukumpara sa 2,225 dengue case noong 2018 sa kaparehong period. ***-Angie dela Cruz-***